# Isang Quiz Tungkol sa Doktrina ng Kaligtasan

Ang pinakasentro ng pananampalatayang Kristiyano ay ang pahayag na ito: "Ngunit pinatunayan ng Diyos ang kanyang pag-ibig sa atin nang mamatay si Cristo para sa atin noong tayo'y makasalanan pa" (Roma 5:8). Ang mga Kristiyano ay yaong mga naligtas. Gaano ang nalalaman mo sa doktrina ng kaligtasan? Ang quiz na ito ay dinisenyo upang matulungan kang malaman. Basahing mabuti ang bawat isa at bilugan ang iyong sagot.

1. Matapos magkasala sina Adan at Eba, agad na ipinasya ng Diyos na ililigtas niya ang mga makasalanan.

   Tama Mali

2. Ang gawain ng Diyos na kaligtasan ay nakasalalay sa lahat ng tatlong persona ng Trinity.

   Tama Mali

3. Ang Ama, sa halip na ang Anak o Banal na Espiritu, ang pumili ng mga taong ililigtas niya.

   Tama Mali

4. Ang bawat taong ipinanganak ay naging makasalanan maliban sa isa—si Jesus.

   Tama Mali

5. Ang bawat taong ipinanganak, maliban kay Jesus, ay kailangang maligtas mula sa poot ng Diyos.

   Tama Mali

6. Sa sapat na oras at pagsisikap, magagawa nating karapat-dapat ang ating sarili upang iligtas tayo ng Diyos mula sa kanyang poot.

   Tama Mali

7. Dahil ang Diyos ay pag-ibig, sa huli, ang bawat makasalanan ay maliligtas mula sa kanyang poot.

   Tama Mali

8. Isinugo ng Ama ang Anak upang pagkasunduin ang Diyos at mga makasalanan.

   Tama Mali

9. Sa krus, kusang ipinalit ni Jesus ang kanyang sarili sa mga makasalanan na pinili ng Ama upang iligtas at akuin ang poot ng Diyos bilang kahalili nila.

   Tama Mali

10. Ang isang makasalanan ay kailangang manalangin ng "sinner's prayer" upang maligtas.

    Tama Mali

11. Ang paghikayat sa isang makasalanan para makumbinsing maniwala sa mabuting balita ay pangunahing gawain ng preacher.

    Tama Mali

12. Ang isang makasalanan ay kailangang magsisi sa kanyang mga kasalanan upang maligtas.

    Tama Mali

13. Ang isang makasalanan ay kailangang ipanganak na muli (born again/regenerated) upang maligtas.

    Tama Mali

14. Ang bagong kapanganakan (o regeneration) ay isinasagawa ng Espiritu kung kailan at saan niya gusto.

    Tama Mali

15. Ang pagiging born again (regenerated) ng isang makasalanan ay bunga ng kanyang pananampalataya.

    Tama Mali

16. Ang nakapagliligtas na pananampalataya (saving faith) ay maaaring mawala kung ang isang tao ay gumawa ng mabigat na kasalanan.

    Tama Mali

17. Ang nakapagliligtas na pananampalataya ay hindi kailanman nag-aalinlangan at hindi nagdududa.

    Tama Mali

18. Ang nakapagliligtas na pananampalataya ay laging nagreresulta sa mabubuting gawa.

    Tama Mali

19. Sa justification, ginagawang matuwid ng Diyos ang mga makasalanan.

    Tama Mali

20. Sa justification, idinideklara ng Diyos na matuwid ang mga makasalanan.

Tama Mali

21. Kasama sa justification ang kapatawaran ng kasalanan.

Tama Mali

22. Para i-justify ng Diyos ang mga makasalanan, ang kanyang makatarungang poot laban sa kanila ay dapat na mapawi (ma-satisfy).

Tama Mali

23. Ang legal na batayan para sa justification ng isang makasalanan ay ang mabubuting gawa na pino-produce ng Espiritu sa puso niya.

Tama Mali

24. Ang legal na batayan para sa justification ng isang makasalanan ay ang kanyang pananampalataya.

Tama Mali

25. Ang legal na batayan para sa justification ng isang makasalanan ay ang matuwid na buhay ni Cristo at pagsunod hanggang kamatayan na ibinibilang bilang kanila (o imputed sa kanila).

Tama Mali

26. Ang mga makasalanan ay dinedeklarang matuwid (justified) kapag sila ay naniwala/nanampalataya.

Tama Mali

27. Ang mga naniwala/nanampalataya ay inampon/kinupkop ng Diyos at naging kanyang mga anak.

Tama Mali

28. Matapos na ang mga makasalanan ay ipanganak na muli at ideklarang matuwid, ang Espiritu ay patuloy na gumagawa sa puso nila upang gawin silang katulad ni Cristo.

Tama Mali

29. Ang pagiging banal ay ang itakwil (letting go) ang lahat ng pagsisikap (effort) at hayaan ang Espiritu na gawin ang kanyang trabaho sa iyong puso.

Tama Mali

30. Ang presensya ng Banal na Espiritu na nagbubunga ng pagiging katulad ni Cristo sa puso ng mga mananampalataya ay nangangahulugang posible para sa kanila na maging ganap na matuwid sa buhay na ito.

Tama Mali

31. Ang pagpapabautismo ay isang garantiya ng final salvation ng mananampalataya.

Tama Mali

32. Ang plano ng kaligtasan ng Diyos ay sapat na inihayag sa Paglikha (Creation) upang ang lahat ay makarinig, maniwala, at maligtas.

Tama Mali

33. Ang gawain ng pagliligtas ng Diyos ay matatapos kapag muling dumating si Cristo at lahat ng mananampalataya—yaong mga namatay at yaong mga buháy pa—ay tatanggap ng kanilang mga resurrection bodies.

Tama Mali

> *Ang kawalan ng kakayahan na magmahal, sumunod, o magbigay-lugod sa Diyos ay ang pinakadiwa ng kasamaan ng tao (human depravity). At ang tanging solusyon sa sitwasyong iyon ay ang muling paglikha ng Diyos. Kaya nga sinabi ni Jesus kay Nicodemo, "Kailangan mong ipanganak na muli." "Maliban na lamang kung ang isa ay ipanganak na muli, hindi niya makikita ang kaharian ng Diyos." Ito ang kahulugan ng kaligtasan: mahimalang binabago ng Diyos ang kalikasan ng mga tinubos niya, kaya naaakit sila sa mismong kabutihang dati nilang kinamumuhian. Ito ang pangunahing pangako ng Bagong Tipan.*
>
> — John MacArthur

## Mga Sagot & mga Paliwanag

1. Matapos magkasala sina Adan at Eba, agad na ipinasya ng Diyos na ililigtas niya ang mga makasalanan.
   Mali. Bago pa man ang paglikha, ang plano ng Diyos na magligtas ay nakaplano na. "Itinalaga na niya ang mga hinirang sa kaluwalhatian" at "pinagpasyahan na noon pa man ang lahat ng paraan nito" (Westminster Confession of Faith, Chapter 3, Section 6). Tingnan sa  Efeso 1:4–5, 11; 1 Pedro 1:20.

2. Ang gawain ng Diyos na kaligtasan ay nakasalalay sa lahat ng tatlong persona ng Trinity.
   Tama. Maaari nating ibuod ito nang ganito: Ang Ama ang nagpaplano at namamahala sa Trinitarian work of redemption, ang Anak ang nagsasakatuparan, at ang Espiritu ang naglalapat o nag-aapply nito. Tingnan sa Efeso 1:3–14 at sa Westminster Confession of Faith, Chapter 3, Section 6.

3. Ang Ama, sa halip na ang Anak o Banal na Espiritu, ang pumili ng mga taong ililigtas niya.
   Tama. Tulad ng isinulat ni Pablo sa Efeso 1:4, "Bago pa likhain ang sanlibutan ay pinili na niya tayo upang maging kanya, upang tayo'y maging banal at walang kapintasan sa harap niya." Tingnan sa 2 Tesalonica 2:13–14 at sa Westminster Confession of Faith, Chapter 3, Section 5.

4. Ang bawat taong ipinanganak ay naging makasalanan maliban sa isa— si Jesus.
   Tama. Lahat ay nagkasala (Roma 3:23) maliban kay Jesus, na taong katulad natin, "subalit kailanma'y hindi nagkasala" (Hebreo 4:15). Tingnan din sa Westminster Confession of Faith, Chapter 8, Section 2.

5. Ang bawat taong ipinanganak, maliban kay Jesus, ay kailangang maligtas mula sa poot ng Diyos.
   Tama. Lahat tayo ay "mga taong kinapopootan ng Diyos," sa likas na kalagayan (Efeso 2:3) at dahil sa ating sariling mga kasalanan (Roma 3:20, 22–24)—maliban kay Jesus, siyempre, na walang kasalanan.

6. Sa sapat na oras at pagsisikap, magagawa nating karapat-dapat ang ating sarili upang iligtas tayo ng Diyos mula sa kanyang poot.
   Mali. Maaari natin "sa anumang paraan" ay gawing karapat dapat ang ating sarili, ngunit "sa kabaligtaran ay araw-araw nating nadaragdagan ang ating pagkakautang" dahil hindi natin mapigilan ang pagkakasala (Heidelberg Catechism, Questions 13). Tingnan sa Awit 130:3.

7. Dahil ang Diyos ay pag-ibig, sa huli, ang bawat makasalanan ay maliligtas mula sa kanyang poot.
   Mali. Sabi nga sa Westminster Confession of Faith, ang mga "hindi nakakakilala sa Diyos, at hindi sumusunod sa ebanghelyo ni Jesu-Cristo, ay dapat . . . parusahan ng walang hanggang pagkalipol" (Chapter 33, Section 2). Tingnan sa Mateo 25:31–46.

8. Isinugo ng Ama ang Anak upang pagkasunduin ang Diyos at mga makasalanan.
   Tama. Ipinagkasundo ng Diyos ang mga makasalanan sa kanyang sarili sa pamamagitan ng kamatayan ni Cristo (2 Corinto 5:18–19)

9. Sa krus, kusang ipinalit ni Jesus ang kanyang sarili sa mga makasalanan na pinili ng Ama upang iligtas at akuin ang poot ng Diyos bilang kahalili nila.
   Tama. Mula sa Westminster Confession of Faith: "Ang Diyos, mula sa lahat ng kawalang hanggan, ay nag-utos na bigyang katwiran ang lahat ng hinirang, at si Cristo, sa kabuuan ng panahon, ay namatay para sa kanilang mga kasalanan," (Chapter 11, Section 4) at sa ganitong paraan ginawa niya ang "isang wasto, tunay at lubos na satisfaction sa katarungan ng kanyang Ama para sa kanila" (Chapter 11, Section 3). Tingnan sa Roma 5:8–9.

10. Ang isang makasalanan ay kailangang manalangin ng "sinner's prayer" upang maligtas.
    Mali. Ang isang makasalanan ay dapat maniwala/sumampalataya sa mabuting balita ng kaligtasan ni

Cristo upang maligtas. Tulad ng sinasabi ng Westminster Confession of Faith, "Ang mga pangunahing gawain ng nakapagliligtas na pananampalataya ay ang pagtanggap, at pagtitiwala kay Cristo lamang para sa justification, pagpapakabanal, at buhay na walang hanggan . . ." (Chapter 14, Section 2). Tingnan sa Gawa 16:31.

11. Ang paghikayat sa isang makasalanan para makumbinsing maniwala sa mabuting balita ay pangunahing gawain ng preacher.
    Mali. Ito ay pangunahing gawain ng Banal na Espiritu. Na ang sinumang makasalanan na naniwala ay dahil sa "gawain ng Espiritu ni Cristo sa kanilang mga puso" (Westminster Confession of Faith, Chapter 14, Section 1). Tingnan sa Efeso 1:17–19.

12. Ang isang makasalanan ay kailangang magsisi sa kanyang mga kasalanan upang maligtas.
    Tama. Kabilang sa nakapagliligtas na pananampalataya ang "pagsisisi sa Diyos" at "pananampalataya sa ating Panginoong Jesu-Cristo" (Gawa 20:21).

13. Ang isang makasalanan ay kailangang ipanganak na muli (born again/regenerated) upang maligtas.
    Tama. Sinabi ni Jesus, "maliban kung ang isang tao ay ipanganak na muli ay hindi niya makikita ang kaharian ng Diyos." Tingnan sa Juan 3:3–7, Efeso 2:1–9.

14. Ang bagong kapanganakan (o regeneration) ay isinasagawa ng Espiritu kung kailan at saan niya gusto.
    Tama. Tulad ng sinabi ni Jesus, "Umiihip ang hangin kung saan nito nais at naririnig mo ang ugong nito, ngunit hindi mo alam kung saan ito nanggagaling at kung saan pupunta. Ganoon din ang bawat ipinanganak sa Espiritu" (Juan 3:8).

15. Ang pagiging born again (regenerated) ng isang makasalanan ay bunga ng kanyang pananampalataya.
    Mali. Ang paniniwala ay bunga ng kapanganakang muli na galing sa Diyos. Isinulat ni apostol Juan, "Ang bawat sumasampalataya na si Jesus ang siyang Cristo ay ipinanganak ng Diyos . . . " (1 Juan 5:1 AB).

16. Ang nakapagliligtas na pananampalataya (saving faith) ay maaaring mawala kung ang isang tao ay gumawa ng mabigat na kasalanan.
    Mali. Ayon sa 1 Pedro 1:5, ang kapangyarihan ng Diyos ay nagpapanatili ng pananampalataya ng mga naliligtas, na nagiging dahilan upang sila ay magtiis hanggang wakas.

17. Ang nakapagliligtas na pananampalataya ay hindi kailanman nag-aalinlangan at hindi nagdududa.
    Mali. Ang nakapagliligtas na pananampalataya, sabi ng Westminster Confession of Faith, "ay naiiba sa mga antas, mahina o malakas; maaaring madalas at sa maraming paraan ay tuligsain at manghina," ngunit sa huli ay "nagtatagumpay" (Chapter 14, Section 3). Tingnan sa Mateo 6:30 at 8:10.

18. Ang nakapagliligtas na pananampalataya ay laging nagreresulta sa mabubuting gawa..
    Tama. Tulad ng sinasabi ng Heidelberg Catechism, "Imposible na ang mga naitanim kay Cristo sa pamamagitan ng isang tunay na pananampalataya, ay hindi magbubunga ng mga bunga ng pasasalamat" (Question 64). Ang mabubuting gawaing ito ay bunga ng muling paglikha ng Diyos (Efeso 2:10).

19. Sa justification, ginagawang matuwid ng Diyos ang mga makasalanan.
    Mali. Ang mga taong idinideklarang matuwid ng Diyos ay hindi maka-Diyos (Roma 4:5), kaya alam natin na ang justification ay hindi nangangahulugang "ginagawang matuwid." Tingnan din sa Roma 3:19–24.

20. Sa justification, idinideklara ng Diyos na matuwid ang mga makasalanan.
    Tama. Ang "justify" ay isang legal na termino na nangangahulugang ideklara na matuwid ang isang tao sa halip na gawin silang matuwid. Tingnan ang question 23 ng pagsusulit na ito at gayundin ang

Westminster Confession of Faith, Chapter 11, Section 1.

21. Kasama sa justification ang kapatawaran ng kasalanan.
Tama. Sa Roma 4:6–7, binanggit ni Pablo si David, na nagsasalita tungkol sa taong idineklarang matuwid (o "ang taong itinuturing ng Diyos na matuwid hindi dahil sa sariling mga gawa"), at sinabing ang kanilang "mga pagsuway ay pinatawad na."

22. Para i-justify ng Diyos ang mga makasalanan, ang kanyang makatarungang poot laban sa kanila ay dapat na mapawi (ma-satisfy).
Tama. Ang mga makasalanan ay idineklarang matuwid "sa pamamagitan ng pagtubos na nakay Cristo Jesus, na isinulong ng Diyos bilang isang handog o propitiation [isang sakripisyo na nag-satisfy sa poot ng Diyos] sa pamamagitan ng kanyang dugo . . . " (Roma 3:24–25). Tingnan sa Westminster Confession of Faith, Chapter 11, Sections 1, 3, at 4.

23. Ang legal na batayan para sa justification ng isang makasalanan ay ang mabubuting gawa na pino-produce ng Espiritu sa puso niya.
Mali. Ang justification ay "hindi dahil sa sariling gawa" (Roma 4:6–7). Tingnan din sa Roma 3:20, Filipos 3:9, at sa Westminster Confession of Faith, Chapter 11, Section 1.

24. Ang legal na batayan para sa justification ng isang makasalanan ay ang kanyang pananampalataya.
Mali. Ang pananampalataya ay kailangan para sa ating justification, ngunit hindi ito ang dahilan para matamo ito. Sa halip, ang pananampalataya ang kasangkapan kung saan natatanggap natin ang ating justification. Ito ay "pagtatakwil sa sarili at walang sariling merito" (Question 61, Heidelberg Catechism).

25. Ang legal na batayan para sa justification ng isang makasalanan ay ang matuwid na buhay ni Cristo at pagsunod hanggang kamatayan na ibinibilang bilang kanila (o imputed sa kanila).
Tama. Ang mga makasalanan ay dinideklarang matuwid "dahil sa ganap na pagsunod at full satisfaction ni Cristo, sa pamamagitan ng Diyos na inilagay sa kanila" (Question 70 ng Westminster Larger Catechism). Ang "ganap na pagsunod" ay tumutukoy sa matuwid na buhay ni Cristo, at "full satisfaction" sa kanyang kamatayan.

26. Ang mga makasalanan ay dinideklarang matuwid (justified) kapag sila ay naniwala/nanampalataya.
Tama. Ang mga makasalanan ay idinideklarang matuwid sa pamamagitan ng handog na pantubos o propitiatory sacrifice ni Cristo, na "tinatanggap sa pamamagitan ng pananampalataya" (Roma 3:24–25).

27. Ang mga naniwala/nanampalataya ay inampon/kinupkop ng Diyos at naging kanyang mga anak.
Tama. "Subalit ang lahat ng tumanggap at sumampalataya sa kanya ay binigyan niya ng karapatang maging mga anak ng Diyos" (Juan 1:12).

28. Matapos na ang mga makasalanan ay ipanganak na muli at ideklarang matuwid, ang Espiritu ay patuloy na gumagawa sa puso nila upang gawin silang katulad ni Cristo.
Tama. Ang mga mananampalataya ay "nilikha ayon sa wangis ng Diyos sa tunay na katuwiran at kabanalan" (Efeso 4:23–24). Sila ay "binabago" ng "Panginoon na siyang Espiritu" (2 Corinto 3:18).

29. Ang pagiging banal ay ang itakwil (letting go) ang lahat ng pagsisikap (effort) at hayaan ang Espiritu na gawin ang kanyang trabaho sa iyong puso.
Mali . Ang gawain ng Espiritu sa puso ay ang insentibo para sa mga mananampalataya mismo na magsikap na maging mas katulad ni Cristo. Hinikayat ni Pablo ang mga taga-Filipos na magpatuloy sa kanilang pagsunod sa pamamagitan ng pagsusumikap na maging ganap ang "kanilang kaligtasan," dahil ang Diyos ay kumikilos sa kanila "upang naisin at isagawa ang kanyang kalooban" (Filipos 2:12–13).

30. Ang presensya ng Banal na Espiritu na nagbubunga ng pagiging katulad ni Cristo sa puso ng mga mananampalataya ay nangangahulugang posible para sa kanila na maging ganap na matuwid sa buhay na ito.
    Mali. Tulad ng sinasabi ng Westminster Confession of Faith, ang paglago sa pagiging katulad ni Cristo ay palaging "hindi perpekto sa buhay na ito, nananatili pa rin ang ilang labi ng katiwalian sa bawat bahagi" (Chapter 13, Section 2). Tingnan ang 1 Juan 1:10 at Filipos 3:12.

31. Ang pagpapabautismo ay isang garantiya ng final salvation ng mananampalataya.
    Mali. Ang presensya ng Banal na Espiritu ang garantiya ng final salvation ng mananampalataya. Ang mga naniniwala ay "pinagkalooban ng ipinangakong Espiritu Santo bilang tatak ng pagkahirang sa inyo. Ang Espiritu ang katibayan na makakamit natin nang lubos ang lahat ng pangako ng Diyos sa atin " (Efeso 1:13–14).

32. Ang plano ng kaligtasan ng Diyos ay sapat na inihayag sa Paglikha (Creation) upang ang lahat ay makarinig, maniwala, at maligtas.
    Mali. Ang plano ng kaligtasan ng Diyos ay inihayag sa Bibliya na dapat pakinggan upang ang isang tao ay maligtas (Roma 10:14).

33. Ang gawain ng pagliligtas ng Diyos ay matatapos kapag muling dumating si Cristo at lahat ng mananampalataya—yaong mga namatay at yaong mga buháy pa—ay tatanggap ng kanilang mga resurrection bodies.
    Tama. Tulad ng nakasaad sa Westminster Larger Catechism, sa huling araw, ang mga mananampalataya "na matatagpuan na buháy ay mababago sa isang saglit" at yaong mga namatay ay "mabubuhay na magmuli sa kapangyarihan, espirituwal, hindi nasisira, at gagawing katulad ng kanyang maluwalhating katawan" (Tanong 87). Tingnan sa 1 Corinto 15:51–53.